

1

June 20, 1997

Castelo Residence, Alabang

Hindi maipinta ang mukha ng five-year-old na si Haley nang bumaba ng sasakyan. Hindi siya sinundo ng mommy niya.

Mula nang nag-aral siya sa preparatory school ay hindi pa nangyaring pumalya ang ina niya sa pagsundo sa kanya. Very hands-on ito at sabihin nang medyo paranoid pagdating sa kaligtasan niya.

Patakbo siyang pumasok sa loob ng bahay at hindi pinansin ang pagtawag ng kanyang yaya. Alam niyang nasa family room ang mommy niya kaya roon siya dumerecho. Iyon ang paborito nitong silid sa buong bahay dahil naroon ang grand piano na hilig nitong tugtugin.

Dahil nagmamadali, hindi siya agad nakapagpreno pagliko ng pasilyo. Bumunggo siya sa kasalubong.

“Anak ng...!”

Napaupo si Haley dahil sa impact. Napaatras naman ang taong nakabangga niya.

“Ilang beses ko na bang sinabi sa iyo na hindi ka dapat tumatakbo sa loob ng bahay?” singhal ng lalaki. Hindi man lang siya nito tinulungang tumayo.

“Sorry po,” mahinang sabi niya, hindi makatingin nang derecho rito.

“Sorry? Puro ka na lang sorry. Hindi ka naman marunong sumunod! Nagmana ka talaga sa mommy mo. Tumabi ka nga!” Galit na nilagpasan siya nito, pumapalatak pa rin habang palayo.

Sinundan ng tingin ni Haley ang lalaki.

That was Gaston, her father; the man who, for reasons unknown to her, hated her mere existence. Minsan na niyang itinanong sa kanyang mommy kung bakit malamig ang pakikitungo nito sa kanya. Her mother smiled sadly and said she was still too young to understand.

Bumuntong-hininga siya.

“Haley?”

Lumington siya. “Mommy!” Sinugod niya ng mahigpit na yakap ang kanyang ina.

“Hey, baby... What’s wrong? May nangyari ba sa school?”

“Hindi ka dumating. Ba’t hindi mo ako sinundo?” maktol niya.

“Oh, Haley...” The woman crouched so they could look into each other’s eyes. “I’m sorry, baby. Dumating kasi ’yung best friend ko since childhood. Almost twenty years kaming hindi nagkita. When I saw her, I got so excited I couldn’t leave her. Kaya si Yaya na lang ang pinasundo ko sa iyo.”

“May bisita ka?” excited niyang tanong.

Nasa isang exclusive subdivision sa Alabang ang bahay nila. Despite her many friends, her mother rarely entertained visitors. May suspetsa siyang may kinalaman ang kanyang daddy roon.

“Yes. Lorna ang pangalan niya. You can call her ‘Tita Lorna’. Magkaibigan na kami since pre-school.”

“Parang kami ni Lulubelle?”

“Yes,” sabi nito kasabay ng mahinang tawa. “Nasa family room siya. Kasama niya ang anak niya. Would you like to meet them?”

She nodded in earnest. Magkahawak-kamay silang pumasok sa family room.

Mas matangkad kaysa kanyang mommy ang babaeng nakatayo sa tabi ng bintana. Mahaba ang tuwid na buhok nito, halos umabot na sa baywang. Tinawag ito ng kanyang ina. Napasinghap siya nang lumingon ito sa gawi nila.

Madalas marinig ni Haley na tawaging exotic beauty ang mommy niya. But this woman looked... angelic. Her milky, white skin glowed at the touch of sunlight penetrating through the window pane. The oval-shaped face, large dark brown eyes framed by long thick lashes, the straight nose and lips shaped like a bow, and the high cheekbones all combined created a facial symmetry most appealing to onlookers.

She smelled of flowers—sweet and alluring. And when she smiled, the room grew comfortably warm and sunny.

“Well, hello.”

“Hello din po,” bibong sagot niya. She liked the woman at first glance.

“You must be Haley. Palagi kang ikinukuwento sa akin ng mommy mo.”

She giggled.

“Ako nga pala si Lorna. Your mom and I are—”

“Best friends! Parang kami ni Lulubelle,” nakangiting singit niya.

Muling tumawa ang babae. May halong gigil na niyakap siya nito.

“Can I call you ‘Tita Lorna’? Mommy said I could.”

“I would love that, Haley.”

She squealed. “Did you hear that, Mommy? I have another Tita. Hindi na lang si Tita Lyka.”

“Jerome’s wife,” paliwanag ng mommy niya.

“I see.”

“Bibigyan mo rin ako ng present sa birthday ko?”

“Of course!”

“At saka sa Christmas?”

Kinusot nito ang ulo niya. “Especially Christmas.”

Nag-fist pump siya. “Yes!”

Umalingawngaw ang isang musika mula sa grand piano. Isang melody na hindi pamilyar sa kanya. Kakaiba sa mga classical music na hilig tugtugin ng kanyang ina. But just as haunting, with a mixture of sadness and longing in every note.

Parang nahipnotismong lumapit siya. Ni hindi niya napansin na may taong nakaupo roon dahil buong atensyon niya ay na-focus sa kanyang Tita Lorna nang pumasok siya sa silid.

“*Deborah’s Theme*,” sabi ng lalaking tumutugtog.

Hindi niya mahulaan ang edad nito. He looked young to be in his twenties, but his built suggested that he’s no longer a boy.

“What?”

He glanced at her sideways, long enough for her to see the color of his eyes. Blue. Parang iyong kulay ng dagat sa beach resort sa kanilang probinsya.

“This. I’m playing *Deborah’s Theme*, from the movie *Once Upon a Time in America*. 1984.”

“Uhm... ah...”

“Tristan, you’re embarrassing Haley.”

Tumawa ang lalaki. “I’m sorry.” Tumigil ito sa pagtugtog at humarap sa kanya. “Ako nga pala si Tristan,” pakilala nito.

“Ako si—”

“Haley. I’ve heard. Kanina pa ako nakaupo rito.” Kahit alam niyang tinutukso lang siya nito ay hindi pa

rin niya napigilang makaramdam ng hiya. For sure, her face turned beet red.

“Pasensya ka na sa anak ko, hija. He’s a tease but he’s a great kid. Masanay ka na.”

Ang lapad ng ngiti ni Tristan nang titigan niya.

“Gusto mong makita ang room ko? Marami akong laruan.” As invitation goes, hers came out awkward. Parang binura ng eraser ang ngiti ng binatilyo.

“Uhm... I think—”

May tumikhim. Sumulyap si Tristan sa ina. Umikot ang mga mata nito, nagkibit-balikat at saka tumayo.

Nanlaki ang mga mata ni Haley. Paano ba nama’y umabot lang siya sa mid-section nito. Para siyang may katabing higante.

“What?” kunot-noong tanong nito.

“I-ilang taon ka na?”

“Twelve. Why?”

“Twelve? But you’re as tall as Tita Lorna.”

“Nagmana ako sa papa ko,” simpleng paliwanag nito. “Lika na. Let’s go check your toys.”

Hinawakan nito ang isang kamay niya at...

Posible bang kiligin ang isang five-year-old dahil sa simpleng physical contact na iyon? Siguro dahil iyon ang naramdaman ni Haley.

Pagkatapos magpaalam ay hinila na niya palabas ng silid si Tristan. Nakangiti ito habang akay niya kaya hindi ito napilitan lang.

2

“Your daughter is adorable.”

“I told you you’d like her.”

“Like her? I love her already! She’s nice, obviously smart and she looks exactly like you. It’s like meeting you again in pre-school.” Nagkatawanan sila. And then Lorna made a face. “Mabuti na lang at hindi siya nagmana sa kanyang ama.”

“Lor...”

Bumuntong-hininga ang babae. “I’m sorry, Fee. Hindi ko lang talaga maintindihan. Ang daming nanligaw sa iyo—mayayaman, edukado—pero si Gaston pa rin ang pinili mo.”

“Siya ang mahal ko. It doesn’t matter na isa lang siyang ordinaryong hotel employee noon,” depensa ni Felicity.

“Don’t get me wrong. Hindi ako tutol sa kanya dahil hindi mo siya ka-level. Kung talagang mahal ka niya, I wouldn’t care one bit kung mahirap pa siya sa daga. Pero hindi iyon ang nakita ko. Plus, your father told me things.”

“Wag mo na lang pansinin si Papa, please. Masama pa rin ang loob ng pamilya ko hanggang ngayon. At tungkol naman kay Gaston, you just caught him in a bad mood. He’s going through a lot of pressure, with work, with my family.”

Tumangu-tango ito. “I’ve heard news that he’s now a manager of one of your family’s hotels.”

“He deserves the promotion. Masipag siya at responsable sa trabaho.”

“Hmm... kaya ba nandito siya sa bahay on a Tuesday when he’s supposed to be in the hotel working?”

“Lorna, please...”

Itinaas nito ang dalawang kamay tanda ng pagsuko.

“I don’t expect you to understand. Gaston isn’t the type of guy who openly expresses his feelings. But he loves me. At mahal din niya si Haley.”

Matiim siyang pinag-aralan ng kaibigan niya.

“I don’t know if you’re trying to convince me or yourself.”

Umiling si Felicity. Hanggang maaari ay hindi

niya gustong magkaroon sila ng di-pagkakaunawaan ni Lorna. Lalo't halos dalawang dekada niya itong hindi nakita. But she was a wife. And her loyalty to her husband should come first above all else.

“I’m sorry, Fee. It’s your life and I shouldn’t interfere. Hindi ko lang mapigilang magsalita. You’re my best friend. Nalulungkot ako dahil ang taong kaharap ko ngayon ay malayung-malayo na sa taong iniwan ko noon.”

“People change. We’re not the same teenagers anymore.”

“I know. And sometimes I hate it that we had to part ways. Siguro kung hindi tayo nagkahiwalay, baka—”

“I’ve made my choice, Lorna. I’m happy with Gaston.”

Lorna shook her head. “Honestly, are you?” May hamon sa mga mata ng kanyang kaibigan. Hindi niya matagalan ang titig nito dahil para siyang pinapaso. Nag-iwas siya ng tingin.

“Ang mabuti pa’y tulungan mo na lang akong maghanda ng lunch natin.”

Tinalikuran niya si Lorna at lumabas ng silid.

Narinig pa niya ang malalim nitong buntong-hininga habang sumusunod sa kanya.

“Bakit hindi n’yo kasama ang papa mo?”

Nasa kama sila, naglalaro ng sungka. Sa lahat ng mga laruang ipinakita niya, hindi man lang sinilip ni Tristan ang kanyang doll house, ay dito ito naging interesado. So far, dalawang bahay na niya ang nasusunog nito.

“Divorced na sila ni Mama.”

Bumagsak sa isang bakanteng bahay ang huling sigay ni Haley. Ngumisi ang binatilyo, pinagkiskis pa ang dalawang palad bago dumampot ng sigay.

“Divorced?”

“Oo. Hiwalay na sila. Matagal na. Kung tama ang pagkakatanda ko, I was around your age when they separated.”

“I’m five,” paglilinaw niya. Ngumiti ito. “Bakit sila naghiwalay? Palagi ba silang nag-aaway?”

“Kung nag-aaway man sila, hindi ko nakita. Hindi ko alam. Anyway, maganda naman ang relasyon nila ngayon. Magkaibigan sila kahit si Mama at ’yung

stepmother ko.”

“Bakit ganoon? May classmate ako. Hindi rin sa bahay nila umuuwi ang daddy niya. S’abi niya broken family sila. Broken family ka din?”

Nagkibit-balikat ito. “Hindi ko naman ramdam na broken ang family ko.”

“Bakit nga?” Ikiniling niya ang ulo.

Huminto sa paglalaro si Tristan at amused na tumitig sa kanya. “Ganito kasi ’yun, Haley. It’s true, my parents are not married anymore and they don’t live in the same house. May asawa nang iba si Papa. But it doesn’t mean that they stopped being friends. Tingin ko nga lalo pa silang naging close ngayon. The respect is still there. And they certainly didn’t stop being parents. We love and support each other as a family should.”

“Yung bagong asawa ng papa mo...”

“Si Tita Michelle?” Lumapad ang ngiti nito. “She’s cool and super funny. Magkasundo kami at gan’un din sila ni Mama. Kapag magkasama nga sila, para silang magkabarkada. I can go to their house whenever I want. Welcome din si Mama sa kanila. Welcome din si Tita sa amin. Madalas nga, si Mama pa ang tumatayong yaya d’un sa dalawang kapatid

ko kapag may lakad sila ni Papa.”

“May ibang kapatid ka?”

“Half-siblings. Three-year-old fraternal twins. They’re a handful and Mama loves them as if they’re her own.”

Kumunot ang noo ni Haley. It was a lot to take in for her young mind. There were parts of Tristan’s explanation she still couldn’t understand.

“You’re confused.”

Tumango siya.

“Naiintindihan kita. Katulad mo rin ako noong una. Panay ang tanong ko kay Mama. But as I grow older, I began to understand. She said you can love a person without being in love with him or her. Ganoon ang nangyari sa kanila ni Papa. They fell out of love. They couldn’t explain why, it just happened. When they agreed to part ways, the separation led them to be better individuals. Siguro may ganoon talaga. I don’t know. Ang alam ko lang, no matter how unconventional our situation is, it works and everyone’s happy.”

Dumampot ito ng sigay at itinuloy ang laro. “So you see, I don’t come from a broken home. I

come from two, happy homes. Masuwerte pa ako kumpara sa iba na magkasama nga sa iisang bubong pero parang hindi naman tunay na pamilya kung magturingan.”

May sundot sa puso niya ang sinabi ni Tristan. Higit kanino man, siya ang makakapagpatunay na totoo ang tinuran nito.

“You don’t talk like a twelve-year-old.”

“I know,” Tristan grinned. “I’m smart!”

“Pfft!”

Humalakhak ang binatilyo pagkatapos ay sumuntok ito sa hangin, sabay sigaw ng, “Yes!”

Napatanga rito ang babaeng paslit, hindi makapaniwalang tinalo siya nito sa ikatlong beses.

“Ayoko nang maglaro,” nakalabing asta niya.

“Sus! Natalo ka lang, pikon ka na.”

“Hindi ako pikon. Nagugutom na ako.”

Humalakhak si Tristan. “O sige, lumabas na tayo. Pero maglaro uli tayo bukas. Bumawi ka, ha?”

“Babalik kayo dito bukas?”

“Oo naman, magkatabi lang ang bahay natin.

Diyan kami titigil ni Mama sa kabila.”

“Sa bahay ni Mrs. Marquez?” Ang alam niya ay nasa London ang kapitbahay nila at ang pamilya nito para sa anim na buwang bakasyon. “Magkapitbahay na tayo?”

“For two months lang. Kailangan naming bumalik sa California bago mag-September para sa start ng school.”

Biglang nalungkot si Haley. Akala pa man din niya ay permanente na silang magiging magkapitbahay.

“Wag kang mag-alala. Sasabihin ko kay Mama na dito ako magbabakasyon palagi tuwing school break,” sabi nito na parang nabasa ang nasa isip niya.

3

August 4, 2000

Ballesteros Farm, Bulacan

The day was almost over. Nagpapahinga na ang lahat sa kani-kanilang kuwarto maliban kay Haley.

Nakaupo siya sa loob ng maliit na bahay kubo sa likod ng bahay.

“Haley?” Dumungaw siya sa bintana, nginitian ang kaibigan na agad inakyat ang tatlong baitang at umupo sa tabi niya.

“Sinilip kita sa kuwarto mo. Gabi na, ba’t gising ka pa? Hindi ka ba napagod kanina?” tanong nito.

Ginugol nila ang buong araw sa beach resort na pag-aari ng kaibigan ng lolo ni Tristan. Nag-enjoy naman siya sa outing. She laughed and played with the twins, chatted with the adults. But there were instances when she found herself staring at nowhere, silent and somber. She couldn’t help it. She worried for her parents.

Obviously, Tristan noticed. He knew her so well not to.

Nagkibit-balikat siya. “Nagpapahangin lang ako.”

“Hindi ba gumagana ang air-con sa room mo?”

“Gumagana. Gusto ko lang dito sa labas. At saka hindi pa ako inaantok.”

Bumuntong-hininga ang binatilyo. “Haley, you know you can tell me everything, right? You know I’ll always listen.”

And that was the beauty of having true friends.

Tumango siya. Silence engulfed them for a few seconds.

“Paano nagagawa ng parents mo?”

Sa pagkunot ng noo nito ay nahulaan niyang nabigla ito sa tanong niya. “Nagagawa ang alin?”

“Get along? Bakit hindi sila nagkakahiyaan?”

May ilang segundo rin itong nangapa ng maisasagot.

“I don’t know. I guess, early on, natanggap na nila na hindi talaga sila para sa isa’t isa. They separated amicably. Ibig sabihin, pareho nilang gusto. Walang

samaan ng loob. At 'yun nga, hindi nawala 'yung respeto nila sa isa't isa despite their failed marriage."

Yumuko siya at nilaro ang laylayan ng kanyang t-shirt. "My parents couldn't get along. Nag-away na naman sila kahapon. Narinig ko." Her voice trembled. Ikinuwento niya rito ang dahilan ng pag-aaway ng kanyang mga magulang.

Natuklasan ng kanyang lolo na ginamit ni Gaston ang posisyon para makapagnakaw ng malaking halaga sa kompanya. Ipinakita ng abuelo niya ang ebidensya sa kanyang mommy kaya kinompronta ito ng kanyang ina.

As usual, tumanggi si Gaston at sinabing sinisiraan lang ito ng kanyang lolo. Pero bandang huli ay umamin din ito na hiram lang at hindi nakaw ang pera dahil may plano naman itong ibalik ang five hundred thousand kasama pa ang interes. Ibinigay nito ang pera sa isang kaibigan bilang investment sa itinayo nitong negosyo.

"Gusto daw idemanda ni Lolo si Daddy. Pero nakiusap si Mommy."

"Hindi siya pinarusahan ng lolo mo?"

"Binalik siya sa dati niyang position. Whatever that is." Bumuntong-hininga siya. "Naaawa ako kay

Mommy. Palagi na lang siyang pinaiiyak ni Daddy.” Tristan laid a hand over her shoulder. “I wish my parents are like yours.”

He chuckled. “Haley, hindi perpekto ang parents ko.”

“But they get along. ’Yun lang naman ang gusto ko, for my parents to be friends.” Tumingala siya rito. “Pag magkasama sila, parang hindi nila love ang isa’t isa. Bakit ganoon, Tristan?”

Hinila siya ng binatilyo palapit dito at isinandal ang kanyang ulo sa balikat nito.

“I wish I knew the answer to your questions, Haley.” Sinuklay nito ng mga daliri ang buhok niya. He loved her hair. He’d said it so many times. Parang strands of black silk daw.

“Huwag mo na lang pansinin ang parents mo. Madalas may ginagawa ang matatanda na kahit anong pilit nating intindihin, hindi natin magawa.” He laughed quietly. “And they say we young ones are the most stubborn.”

She giggled. Kahit paano ay gumaan ang pakiramdam niya. Umaliwalas din ang mukha ni Tristan na parang nabunutan ito ng tinik.

“You’re a kid, Haley. You’re too young to carry your parents’ burden. Pabayaang mo silang plantsahin anuman ang problemang mayroon sila.”

Kimi siyang tumango.

“Halika na. Matulog na tayo. Maaga pa’ng alis natin bukas. Gusto ni Lolo na sa talampas tayo mag-breakfast, picnic style.”

Haley gasped in glee.

4

December 15, 2000

Unknown place

Excited na lumabas ng school gate si Haley. She had two reasons to be ecstatic. One, it was the start of their Christmas vacation; and two, Tristan would be spending the holidays with them.

Alas siete ng gabi ang lapag ng eroplano nito sa airport at kasama siya ng mommy niya na susundo sa binatilyo.

Nasasabik na siyang makita itong muli. Kahit mahigit tatlong buwan pa lang ang lumipas mula nang huling bakasyon nito, miss na niya ang kaibigan. They exchanged emails and talked on the phone as often as they could, though not as frequently as she liked. Bukod kasi sa magkaiba sila ng time zone, busy rin sa pag-aaral si Tristan.

Nakilala niya ang palapit na sasakyan ng ina dalawang kanto ang layo mula sa kanyang kinatatayuan. Lumakad siya para salubungin ito, pero

hindi pa siya umabot sa unang kanto ay isang itim na van ang huminto sa kanyang tabi. Bumukas ang sliding door at bumaba ang isang lalaking nakasuot ng sunglasses, face mask at baseball cap. Sa loob ng sasakyan ay nakaabang ang kasama nitong may ganoon ding suot. Sinunggaban siya ng unang lalaki. Tinakpan nito ng bimpò ang ilong at bibig niya bago pa siya makasigaw. The weird chemical smell she inhaled caused her to lose consciousness. Everything just blacked out.

Nagising si Haley sa kadiliman. Sinubukan niyang idilat ang kanyang mga mata pero hindi niya magawa. Nakapiring siya.

Mainit ang singaw kung nasaan man siya naroon. Tumutulo ang pawis sa gilid ng kanyang mukha at leeg. Basa rin ng pawis ang kanyang uniporme. She heard male voices and the consistent hum of an electric fan. The place reeked of cigarette smoke and stale air. Mabigat sa dibdib ang paghinga. O baka dahil tuyung-tuyo ang kanyang bibig at lalamunan kaya ganoon ang kanyang pakiramdam.

Nakatali ang kanyang mga paa at mga kamay sa isang silya. Bumabaon lang lalo ang tali sa tuwing ikinikilos niya ang mga kamay. Panic gripped her in

a tight vise, causing her breath to come out in rapid gasps. A whimper broke out of her throat.

She had no idea to the where, why and who.

May narinig siyang kaluskos sa kanyang kanan.

“H-hello?” nanginginig ang tinig na tawag niya.

May lumapit sa kanya. Lalong naging prominent ang amoy ng sigarilyo. Chain smoker ang isa sa kumidnap sa kanya.

“Oy, gising na ’to.”

Kumunot ang noo ni Haley. Hindi siya pamilyar sa dialect na ginamit ng lalaki, parang Spanish na parang hindi. Ngayon lang niya iyon narinig at wala siyang naintindihan.

May naramdaman siyang isang panibagong presensya.

“N-nauuhaw ako,” mahinang sabi niya. Natatakot siya pero hindi na talaga niya matiis ang uhaw. Siguro dahil din iyon sa kemikal na ginamit para patulugin siya.

Lumipas muna ang ilang segundo bago may nagsalita.

“Sige, painumin mo ng tubig ’to.” The second guy

spoke in the same dialect. At ang tinig nito, makapal na paos.

Nakarinig siya ng mga yabag. May lumuhod sa harapan niya. Sa sobrang lapit ay ramdam na niya ang mainit na singaw ng katawan nito. Hinawakan siya nito sa panga, ang akala niya ay sasaktan siya. Hanggang sa maramdaman niya ang ulo ng bote sa pagitan ng kanyang mga labi.

Parang hayok na nilagok niya ang malamig na tubig.

“Tama na.”

Umungol siya nang ilayo sa bibig niya ang bote. Nakakatatlong lagok pa lamang siya. “G-gusto ko pa.”

“Tama na!” bulyaw ng mamang paos sa Tagalog. Sa gulat ay napaigtad siya. Kung hindi siya nakatali sa silya ay baka namaluktot na siya sa isang sulok.

“Wag mong takutin. Baka maihi ’yan sa salawal,” nagtatawang sabi ng isa na gamit na naman ang sariling dialect. Nakitawa rin ang nambulyaw sa kanya.

May nag-ring na cellphone.

“Hello, Boss?” Ang lalaking paos ang sumagot.

Boss? Ibig sabihin may isa pang kasabwat ang dalawa. Sa pagpipilit ng paslit na sundan ang pinag-uusapan ng dalawa, na naging mahirap dahil narinig niya itong lumayo, nakalimutan niyang may isa pa siyang kasama. Naalala lang niya nang maramdaman ang palad nito sa kanyang hita.

Malakas ang naging singhap niya.

“H-huwag!”

“Shh... Hindi kita sasaktan,” the man cooed.

Sa takot sa maaari pa nitong gawin, pinilit ni Haley na i-dislodge ang kamay nito. Pero hindi niya maigalaw ang mga hita. Frustration and a sense of helplessness overpowered her. She whimpered as angry tears filled her eyes.

“Alam mo, maganda ka.” Inililis nito pataas ang laylayan ng kanyang palda at hinimas ang nalantad niyang hita. Muli siyang nagpumiglas. “S’werte mo. Hindi ako pumapatol sa bata.” Sa isang iglap ay nawala ang kamay nito sa kanyang hita. Pero lalo siyang nangilabot nang haplusin nito ang kanyang pisngi, pababa sa leeg at balikat.

Humalakhak ito, isang tunog na tiyak niyang magbibigay sa kanya ng bangungot sa susunod na mga araw sakaling makaligtas siya sa ordeal na ito.

Bahagya na siyang nakahinga nang maluwig nang mawala ang kamay nito sa alinmang parte ng kanyang katawan.

“P-please, pakawalan n’yo na po ako,” pakiusap niya.

Napaubo siya nang malanghap ang usok ng sinindihang sigarilyo.

“Ano ba’ng kailangan n’yo sa ‘kin? B-bakit n’yo ako k-kinidnap?”

“Kailangan namin ng pera. Oras na ibigay iyon sa amin ng mga magulang mo, pakakawalan ka namin. Hindi ka masasaktan basta ba magpapakabait ka lang.” Isa iyong malinaw na banta.

Bumulong siya ng dasal nang sa wakas ay iwan siya nito.

Sa gitna ng katahimikan, napaisip si Haley kung ano ang mangyayari sa kanya. Kinidnap siya para mai-ransom. Alam niyang kaya ng pamilya niyang magbayad kahit magkano at sigurado siyang gagawin ng mga ito ang lahat mabawi lang siya.

Ang totoong problema ay kung ano ang mangyayari kapag nakuha ng dalawa ang ransom. Tutupad ba ang mga ito sa napagkasunduan?

Paano kung patayin din siya?

Malulungkot ang pamilya niya. Hindi malayong ikamatay pa iyon ng kanyang ina.

“Mommy...” she sobbed.

Nakita ng mommy niya ang ginawang pagdukot sa kanya. Na-imagine niya ang pagkagulat nito nang sandaling iyon.

At paano si Tristan?

Ang hikbi ay tuluyan nang nauwi sa tahimik na pag-iyak pagkaalala sa kaibigan.

Wala siyang ideya sa oras nang magkamalay kanina. Pero base sa pagkalam ng kanyang sikmura, malamang past dinner na. Siguro ay nakalapag na ang sinakyan nitong eroplano. Baka nga nasundo na ito at parating na sa bahay sa Alabang. Alam na rin marahil nito ang nangyari sa kanya. Paano ito nag-react sa kidnapping niya? It wasn't the kind of welcome he deserved. Excited pa naman itong makasama siya sa Pasko.

Kilala niya si Tristan. Magpupumilit itong tumulong sa paghahanap sa kanya. Hindi nito iisipin na patay na siya. Hindi ito susuko.

Kung sana ay may lakas at tapang siya para

makatakas.

Lord, please help me, piping dasal niya.

Isang mahinang tampal sa pisngi ang gumising kay Haley. Nakatulog na naman siya. Hindi niya namalayang binalikan siya ng dalawang lalaki.

Nanghihina na siya. Tanghali pa ang huling kain niya.

“Tatawagan ko ang mommy mo. Kausapin mo siya,” sabi ng lalaking paos. Ewan ba niya pero mas takot siya sa lalaking ito.

“Sumagot ka!” singhal nito.

Sa lakas ng kaba ay parang gusto nang tumalsik palabas ng dibdib ang puso niya. Kahit tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan, pinilit niyang magsalita.

“O-opo,” pahikbing sagot niya.

May ilang segundo rin ang lumipas bago idinikit ng lalaki ang cellphone sa kanyang tainga.

Hindi na niya napigilang umiyak nang marinig ang boses ng kanyang ina.

“M-Mommy?”

“Haley? Anak...” Her mother cried in relief. “Baby, where are you? Are you okay?”

May ilang boses pa siyang narinig kasama na ang kay, “T-Tristan?”

“Haley! Nasaan ka?”

Bago pa niya masagot ang mga tanong ng mga ito ay inilayo na ng lalaki ang cellphone.

“No! Tristan, help me! Mommy? Mommy!” paulit-ulit niyang sigaw. Wala siyang pakialam saktan man siya ng dalawang kidnapper. Pumalahaw siya, sumigaw hanggang sa wala nang boses na lumabas sa kanyang lalamunan. Walang pumansin sa kanya.

Weak from hunger and dehydration, Haley could hardly fight back when someone untied her from the chair before tying her hands and feet again. She could hardly whimper, throat sore from the previous night’s crying.

Hindi na siya pumiglas nang pasanin siyang parang sako ng arina. Pagod na pagod siya at manhid na ang mga kalamnan niya. Inihiga siya sa loob ng isang sasakyan. May nagtakip ng panyo sa kanyang ilong. Naamoy niyang muli ang kemikal na unti-unting nagnakaw sa kanyang kamalayan, hanggang sa tuluyang maging blangko sa kanya ang lahat.

Drifting between sleep and wakefulness, Haley felt the oddest sensation of lying flat on a rolling bed. She heard voices, several voices. She also thought she'd saw faces.

Baka hallucinations lang. Hindi imposible sa kasalukuyang lagay niya. Isa pa'y nakapiring siya. Wala siyang nakikita.

Para lang subukan, idinilat niya ang mga mata. Kumurap siya sa nakakasilaw na ilaw. Inulit niya ang ginawa. May liwanag talaga. At may naaninag din siyang umaaligid sa ibabaw niya.

“Haley? It's going to be alright.”

Her frown deepened. “D-Daddy?” her voice came out in a hoarse whisper.

“You're safe now, baby.”

All Haley could do was weep.

5

December 18, 2000

Manila Doctors Hospital, Manila

Haley woke up some time later. She noticed several things at once. Bright light pierced her closed eyelids. The room smelled sharply of antiseptic and not cigarette smoke. The smooth hum of an air-conditioner flooded the room with a cool breeze instead of the stale, dry air from an old electric fan. She was lying on a soft bed, hands and feet unbound.

Ligtas na nga siyang talaga. May narinig siyang kumilos sa tabi niya. At may ilang segundong sinaniban siya ng takot, na agad ding nawala nang maramdaman ang masuyong haplos sa kanyang buhok.

“T-tubig...” anas niya.

Natigilan ang kung sinuman na humahaplos sa buhok niya. Lumundo ang tagiliran ng kanyang kama. Lumapat ang straw sa kanyang mga labi.

“Easy, sweetheart.”

That voice, familiar and welcoming, allayed her lingering fears. She opened her eyes slowly, blinked until she had adjusted to the brightness of the room, scrunched her face and wept at the sight of a smiling Tristan before her.

“T-Tristan?”

She hugged him, felt his arms tighten around her, and never wished to let go.

“Shh... Ligtas ka na. Tahan na.”

Pero hindi niya magawang tumahan. Lalo’t bumukas ang pinto at pumasok ang mommy niya kasunod ang iba pang miyembro ng pamilya. Kasama rin ang daddy niya, looking somber and aloof. Pero gumanti ito ng ngiti nang ngitian niya.

It was a teary yet happy reunion.

“I’m sorry, Haley. If I only had the presence of mind to follow that van... Oh, sana’y inagahan ko ang pagsundo sa iyo.”

“It’s not your fault, Mommy.”

“We could’ve lost you.” Yes, they could have. She shuddered at the thought of not seeing her family again, and Tristan.

“But you didn’t. Pinilit n’yo namang bawiin ako.”

Isa iyong milagro, sa totoo lang, na hindi siya pinatay ng mga lalaking kumidnap sa kanya.

Pumasok ang dalawa niyang pinsan bitbit ang tig-dalawang paper bag na may tatak ng isang fastfood restaurant. Kumalam ang kanyang sikmura. Sumulyap siya kay Tristan. Nakangiti ito.

Hinila nito ang rolling overbed table at ipinuwesto sa harapan niya. Inilapag nito ang isang paper box sa lamesa. Pero hindi niya mahawakan nang maayos ang kutsara at tinidor. Hindi pa bumabalik ang lakas sa mga braso at mga kamay niya kaya inako ni Tristan ang paghimay at pagsubo sa kanya ng pagkain. Everyone noticed his gesture and seemed amused. Her family knew how close they were with each other.

Makaraan ang ilang minuto matapos ang kanilang early lunch, nagpaalam na ang kanyang pamilya. Naiwang kasama niya sa silid si Tristan at ang kanyang ina. Nagtataka siya kung bakit hindi nagpaiwan ang daddy niya. But then again, he was never the sentimental type. She guessed it was enough for her father to know that she was safe. Besides, he was the one who delivered the ransom money which only proved that Gaston cared for her in his own way.

Pasado ala-una ng hapon nang dumating ang dalawang pulis na humahawak sa kidnapping case. Kinumusta siya ng mga ito at tinanong. Sinabi niya ang lahat ng nalalaman, mula sa dialect na gamit ng dalawang kidnapper hanggang sa matapang na amoy ng sigarilyo at paos na tinig ng isang lalaki. It might not be enough to capture her kidnappers, but she hoped it would help.

Wala pang solid lead sa kung sino ang mga lalaking dumukot sa kanya. Inconclusive ang mga prints na nakuha ng crime scene operatives sa loob ng van kung saan siya natagpuan. Oo nga't ito rin ang ginamit noong dukutin siya, pero natuklasan na carnapped vehicle ito at peke ang license plate na nakakabit.

Nangako naman ang mga pulis na gagawin ang lahat para mahuli ang kidnappers niya.

Pagkatapos ng interview ay nagpaalam ang dalawa.

“Ma’am, p’wede ho ba namin kayong makausap sa labas?” tanong ng isa. Tumango ang kanyang mommy at sumabay sa mga ito paglabas. Naiwan silang dalawa ni Tristan.

Tumabi ng higa si Tristan sa kanya sa naka-recline na kama.

“I’m sorry.”

“For what?” nagtataakang tanong nito.

“Dapat ine-enjoy mo ang Christmas vacation mo.”

“Enjoy naman ako na inaalagaan ka,” sabi nito. Isinandal ni Haley ang ulo sa balikat nito. “Although, I don’t want to go through that kind of experience again. I was so scared nang malaman ko ang nangyari sa iyo.”

“Sino nga pala ang sumundo sa iyo sa airport?”

“Si Mang Joel. Pagkakita pa lang sa kanya, kinabahan na ako. Expected ko talaga kayong dalawa ni Tita Fee ang susundo sa akin. Inisip ko na lang na baka nainip ka at nag-aya muna sa kung saan. Delayed ng isang oras ang flight ko and you’re not the most patient kid.”

Napangiti si Haley. Totoong mainipin siya, isang flaw na pinipilit niyang baguhin.

“I nearly had a panic attack when he told me you were kidnapped. First time kong maranasan ’yun kung natuloy. Fortunately, I had better control of my

senses. But it took a while for the shock to recede.”

“I was terrified, too. Akala ko hindi ko na kayo makikitang muli.”

“You know we will never give up on you.”

“I know. But those men, they’re mean and scary. Kahit hindi ko nakita ang mga mukha nila, naramdaman ko. I don’t think I’ll forget them.” She shuddered involuntarily. Sinuklay ng mga daliri ni Tristan ang kanyang buhok, the gesture soothing.

“I know it’s not fair. Hindi mo dapat dinanas ang nangyari. But, Haley, you’re back with your family. You’re safe now.”

“P-paano kung balikan nila ako? Paano kung dukutin nila ako uli?”

“Sa tingin mo, papayag ang pamilya mo na maulit ang pagdukot sa iyo? Si Lolo Roger, sina Tito Jerome at Tita Lyka, pati na sina Andrew at Colin, at siyempre ang daddy at mommy mo... they’ll do anything to protect you. Maraming nagmamahal sa iyo, Haley.”

Bumaling siya rito. “At ikaw din?”

Ngumiti si Tristan. “Lalung-lalo na ako.” Hinaplos nito ang kanyang pisngi. “I know, madalang lang

tayong magkasama. Pero hanggang narito ako, babantayan kita. Hindi ko hahayaan na makuha kang muli ng kahit sino.”

“P-promise?”

“Promise.” Walang tigil ang paghaplos ni Tristan sa buhok niya. Unti-unting namigat ang talukap ng kanyang mga mata. “Go to sleep para bumalik agad ang lakas mo. I’ll be here. I won’t leave you.”

Sapat na ang mga salitang iyon para mapanatag siya. With the gentle glide of his fingers along her scalp and his comforting warmth, Haley closed her eyes and fell into a sound sleep.

Nadatnan ni Felicity na natutulog ang anak sa bisig ng kaibigan. She couldn’t help but smile.

“Komportable siya sa iyo,” mahinang sabi nito sa binatilyo. “Thank you for being here, Tristan.”

“I wouldn’t want to be anywhere else. Mahal ko si Haley, Tita. She’s like a sister to me.”

“And I’m grateful for that. She’s gone through so much hindi ko alam kung makakabawi pa ang anak ko mula sa trauma.” Nangatal ang boses ng ginang. “Paano kung hindi na siya bumalik sa normal?”

“She’s young but she’s also strong. Malalagpasan ni Haley ang lahat because she has us. Hindi natin siya pababayaan.”

Tuluyang tumulo ang luha ni Felicity na agad din naman nitong pinunasan. Hinaplos nito ang pisngi ng natutulog na anak, may malungkot na ngiti sa mga labi.

“P’wede ba akong humiling sa iyo, Tristan?”

“Kahit ano, basta’t kaya ko, Tita Fee.”

“Will you promise me that whatever happens, you’ll always be Haley’s friend, that you’ll take care of her, keep her safe?”

“I promise, Tita.” *With all my heart*, Tristan vowed.